# Opisina ng Espesyal na Manananggol para sa Madayang Gawi sa Pagpapatrabaho na May-Kaugnayan sa Imigrasyon

Departamento ng Hustisya Sangay ng

# E-Verify
# Mga DAPAT at HINDI DAPAT GAWIN ng Maypatrabaho

## DAPAT GAWIN

- Gamitin ang programa upang tiyakin ang pagiging karapat-dapat ng mga bagong empleyado
- Gamitin ang programa para sa ***lahat*** ng mga bagong empleyado anuman ang bansang pinanggalingan o katayuan ng pagkamamamayan
- Gamitin ang programa para sa mga bagong empleyado ***matapos*** nilang makumpleto ang Pormularyo I-9
- Bigyan kaagad ang empleyado ng pabatid ng Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (o Tentative Nonconfirmation, TNC)
- Bigyan kaagad ang empleyado na pumiling tumutol sa isang Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (TNC) ng isang pabatid ng rekomendasyon sa SSA o DHS
- Pahintulutan ang isang empleyado na tumututol sa Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (TNC) na magpatuloy sa pagtatrabaho sa panahong iyon
- Magpaskil ng mga kinakailangang pabatid ng pakikilahok ng maypatrabaho sa E-Verify at ng mga pabatid na laban sa diskriminasyon na inilabas ng OSC
- Siguruhin ang pagkapribado ng personal na impormasyon ng empleyado at ang password na ginamit sa pagpasok sa programa.

## HINDI DAPAT GAWIN

- Gamitin ang programa upang tiyakin ang kasalukuyang mga empleyado
- Piling gamitin ang programa batay sa isang “paghihinala” na ang bagong empleyado o kasalukuyang empleyado ay maaaring hindi awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos o batay sa bansang pinanggalingan
- Gamitin ang programa upang paunang salain ang mga aplikante sa trabaho
- Impluwensiyahan o pilitin ang isang empleyado na hindi tutulan ang isang Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (TNC)
- Paalisin sa trabaho - o gumawa ng isang salungat na aksiyon laban sa - isang empleyado na tumututol sa isang Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (TNC) maliban na lang at hanggang sa matanggap niya ang Panghuling Hindi Pagkumpirma
- Humiling sa isang empleyado na kumuha ng isang nilimbag na dokumento o ibang nakasulat na beripikasyon mula sa SSA o DHS kung isinasangguni ang empleyadong ito sa maski aling ahensiya
- Humiling sa isang empleyado na magbigay ng dagdag na dokumentasyon ng kanyang pagiging karapat-dapat sa pagtatrabaho matapos na matanggap ang Pansamantalang Hindi Pagkumpirma (TNC) para sa empleyadong iyon
- Humiling ng mga partikular na dokumento upang magamit ang tampok na photo tool ng E-Verify.

**Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang OSC Employer Hotline 1-800-255-8155;**
***TDD para sa may kapinsalaan sa pandinig: 1-800-237-2515***
**www.usdoj.gov/crt/osc**